
RITARITS
MELBA
BAKAS NG NAKARAAN: DAHIL SA ANYAYA NI MILA KAY MELBA NA SILA'Y SASAMA SA ISKURSIYON. LUMAPIT SI MELBA SA INA....
BILANG 8
Guhit ni EMIL
BAKIT MELBA, ME KAILANGAN KA BA ANAK?...
E... INAY... ISASAMA DAW AKO NI MILA SA ISKURSIYON SA LINGGO. IBIG KONG SUMAMA E....
HAKU... ANG ANAK NA IRE... GASTOS NA NAMAN ANG NAISIP!...
ANG NANAY NAMAN... PARA MINSAN LANG E....
EHEM.... INAY....
HUWAG KA NANG SUMAMA ANAK... AT BAKA SUNDAN KA NA NAMAN NG BINATA DIYAN SA ATING KAPIT-BAHAY....
SIGE NA INAY... MAGHAPON NAMAN AKONG NANAHI.... PAYAGAN NINYO AKO.....
NAKA! NANG BOBOLA.
TAMA NA 'YANG LANGIS-LANGIS SA NANAY!
TAMA KA RIN!
BASTA'T ISAMA MO AKO... PAPAYAG ANG NANAY....
ISAMA?... HINDI MAAARI. BATA KA PA!
NAKA! BATA DAW...
O SIYA... DALE... ISAMA MO SI RITARITS.... NANG MAKALAKAD KA....
KITA MO NA... HI! HI! HI!
BAKIT PA BA ITO SUMAMASAMA... NAKASUSUYA! HMMM!
HI! HI! HI!
ABA, SI KALBO?
SIYANGA PALA INAY...
O ANO 'YON?


GAGAWA HO AKO NG SAYA'T BARO....! TUTAL, SA LINGGO PA NAMAN ANG ISKARSIYON, HO....
ABA NAMAN ANG ANAK NA IRE....!
NAKA!
HUWAG KA NANG GUMAWA!... ANG BARO'T SAYA NI INAY ANG ISU-OT MO......!
IKAW RITA, HA!
HI! HI! HI! O SIYA.....! IKAW NA NGA ANG BAHALA!... GUMAWA KA....
HABANG NAGSASALITA SI RITARITS ANG MATA'Y NA-KATITIG KAY TERIONG KALBO.....
AT NANG INAAKALA NI RITARITS NA HINDI SIYA NAPAPANSIN NG KANYANG INA AT NI MELBA AY....
SSST! HI! HI! HI! BELAT ANG BATA!
HU...HU... HU....
SA SAMA NG LOOB AY NAPAHAGULGOL NG IYAK SI KALBO....
WAAAA!...HU! HU...HU...WAAA....
SAMANTALA....
ABA! HUMAHAGULGOL SI TEROY KO... BAKIT KAYA?
MEEEE.... BUTI NGA!
EEEK!
WAAA!... HU...HU.... WA....
AT NAGSIMULA NANG MAGBUNGANGA SI ALING KARIAKA.....
TALAGANG SARAGATE! WALANG MODO! WALANG PINAGARALAN! ANAK NG SUROT! DUWENDENG BUHAY -UGALING PANIKE... KALA-HAT-LAHATAN-OO, PINA-NAMASAMANG ANAK NI HUDAS!
ABA! TUMALAK NA NAMAN ANG KAPIT-BAHAY NAMIN, HA?... SIGURO SI RITA NA NAMAN ANG ME KAULULAN NITO...
AT ANG NGIT-NGIT NG LOOB NI ALING KARIAKA AY NAG-PATULOY.....
ALIN... AKO... AKO'Y LAKI SA KOLEHIO... MAHIRAP NA LANG MAGSALITA!...PERO 'YAN! PHUWE!...MGA LAKI SA LANSANGAN KAYA MGA WALANG EDUKASYON!....
....ALIN...KAYA LANG AKO HINDI NAKA-TAPOS... MANGYARI AKO ANG TAGA BUGAW NG LANGAW SA LOOB NG KOLEHIO, KUNG KUMAKAIN ANG MGA MADRE....
ITUTULOY